



PAG-ISKOR NG PHIL DASH

Ang PHIL DASH ay may dalawang bahagi: ang kakayahan/nararamdaman na mga tanong (30 tanong, na may iskor na 1 – 5) at ang opsiyonal na paglalaro ng sport/pagtugtog o patatrabaho na module (4 na tanong, na may iskor na 1 – 5).

Iskor sa kakayahan/nararamdaman

Dapat masagutan ang 27 tanong sa 30 tanong para makumpleto ang pagtala ng iskor. Pagsasamahin ang katumbas na puntos ng bawat sagoy at idi-divide sa apat (bilang ng tanong), babawasan (minus) ng 1 at imu-multiply sa 25 upang makakuha ng puntos na nasa 100%.

$$\text{Score sa kakayahan/nararamdaman} = \frac{[(\text{kabuuan ng } n \text{ tugon}) - 1] \times 25}{n}$$

Ang n ay bilang ng kabuuang sagot
Kung higit sa 10% ng mga tanong (higit sa 3 tanong) ang hindi sinagutan, hindi mabibilang ang kabuuang puntos ng PHIL DASH

Opsiyonal na Module (paglalaro ng sport/pagtugtog ng instrumento o pagtatrabaho)

Ang dalawang opsiyonal na modules ay may apat na tanong bawat isa. Itong mga katanungang ito ay para sa mga atleta, mga performing artists at mga manggagawa na kung saan ang kanilang mga trabaho ay kinakailangang mataas na lebel ng pisikal na pagsasagawa. Pagsasamahin ang katumbas na puntos ng bawat sagot at idi-divide sa apat (bilang ng tanong), babawasan (minus) ng 1 at imu-multiply sa 25 upang makakuha ng puntos na nasa 100%. Hindi makakakuha ng iskor sa opsiyonal na module kapag hindi nasagutan ang lahat na tanong.

Mga Hindi Nasagutan

Kapag hihigit sa 10% ng mga tanong ang hindi nasagutan (kapag hihigit sa isang tanong ang hindi nasagutan), hindi maaring maitala ang iskor para ma-compute ang *Quick* DASH. Sa mga opsiyonal na modules, lahat ng tanong ay dapat masagutan upang makapagtala ng iskor.